

Lungsod ng Del Mar
Mga Administratibong Patakaran at

309	Paghinto ng Mga Residensyal na Serbisyo ng Tubig	PETSA KUNG KAILAN PINAGTIBAY:	ABRIL 6, 2020
		PETSA KUNG KAILAN BINAGO:	
		MGA PAHINA:	1 SA 6

I. LAYUNIN

Itinatag ang patakaranang ito upang sumunod sa mga batas kaugnay ng paghinto ng serbisyo ng tubig para sa mga residensyal na customer dahil sa hindi pagbabayad ng kanilang bill sa tubig gaya ng itinatakda ng Seksyon 60370 ng Kodigo ng Pamahalaan at kasunod nito, at Seksyon 116900 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan at kasunod nito. (Panukalang-batas 998 ng Senado ng California).

II. SAKLAW

Sinasaklaw ng patakaranang ito ang lahat ng bill sa residensyal na serbisyo ng tubig na kinakalkula at inihahatid ng Lungsod na nasa status na delingkwente at nakaiskedyul na ihinto.

III. PAMAMARAAN

1. Mga Delingkwenteng Account

- 1.1. Babayaran ang mga singil sa serbisyo ng tubig sa Lungsod nang isang beses kada dalawang buwan o sa iba pang naturang dalas ayon sa natukoy ng Lungsod. Ang lahat ng bill para sa serbisyo ng tubig ay dapat bayaran sa ika-5 araw ng susunod na buwan pagkatapos ng petsa ng bill, na hindi bababa sa 19 na araw mula sa petsa ng pagpapadala ng bill. Ang anumang bill na hindi nabayaran sa loob ng naturang panahon ay ituturing na delingkwente at papatawan ng 10% late fee. Kapag natanggap na ang bill, maaaring humiling ng mga kasunduan sa pagbabayad hanggang sa oras ng paghinto sa ika-60 araw pagkatapos ng takdang petsa ng bill (tingnan ang seksyon 2 para sa mga alternatibong ito).
- 1.2. Pagkatapos maging delingkwente ang isang account, mangyayari ang mga sumusunod:
 - A. Sa araw pagkatapos ng takdang petsa, magpapadala ng abiso ng paalala sa customer na nakatala. Isasaad sa abisong ito na delingkwente ang pagbabayad, at nagpataw ang Lungsod ng late fee.
 - B. Sa ika-15 araw pagkatapos ng takdang petsa ng bill, susubukang magbigay ng pangalawang abiso batay sa (mga) numero ng telepono at email na nasa file para ipaalam sa customer na ang kanyang account ay nasa status na delingkwente at maaaring humiling ang customer ng kopya ng patakaranang ito.
 - C. Sa ika-30 araw pagkatapos ng takdang petsa ng bill, personal na ihahatid ang isang abiso sa address ng serbisyo na nagpapabatid sa (mga) nakatira na ihihinto ang serbisyo sa loob ng 30 araw dahil sa hindi pagbabayad ng bill sa tubig at papatawan ang account ng \$25 na bayad sa pansabit sa pinto.

Lungsod ng Del Mar
Mga Administratibong Patakarang at

309	Paghinto ng Mga Residensyal na Serbisyo ng Tubig	PETSA KUNG KAILAN PINAGTIBAY:	ABRIL 6, 2020
		PETSA KUNG KAILAN BINAGO:	
		MGA PAHINA:	2 SA 6

- D. Sa ika-45 araw pagkatapos ng takdang petsa ng bill, tatawag sa telepono at/o magpapadala ng email sa (mga) numero ng telepono at email na nasa file para ipaalam sa customer na ang kanyang account ay nasa status na delingkwente pa rin at ihihinto ang serbisyo ng tubig kung hindi pa rin ito mababayaran.
- E. Kung hindi magagawang makaugnayan ng Lungsod ang customer sa pamamagitan ng telepono, magpaskil ulit ng abisong kailangang aksyunan kaagad sa ari-arian sa ika-53 araw pagkatapos ng takdang petsa ng bill na may kasamang kopya ng Patakarang ito, at papatawan ang account ng \$25 na bayad sa pansabit sa pinto.
- F. Sa ika-60 araw pagkatapos ng petsa ng bill, ihihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

2. Mga Sitwasyon Kung Saan Hindi Ihihinto ang Serbisyo ng Tubig

2.1 Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo habang ang pagbabayad ng customer ay nasa ilalim ng kasunduan sa pagbabayad na inaprubahan ng Lungsod, at nakakasunod pa rin ang customer sa inaprubahang kasunduan sa pagbabayad. Bago ang ika-60 araw pagkatapos ng takdang petsa ng bill, maaaring aprubahan ng Lungsod ang isang kasunduan sa pagbabayad para sa hindi pa nababayaranang balanse kung saan kinakailangang mapanatiling nababayaran ang lahat ng kasunod na bill sa tubig habang may bisa ang kasunduan sa pagbabayad. Kung hindi makakasunod ang isang customer sa kasunduan sa pagbabayad na inaprubahan ng Lungsod o kung hindi niya mababayaran ang mga kasunod na bill sa tubig habang may bisa ang kasunduan sa pagbabayad, maaaring ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig pagkatapos magpaskil ng panghuling abiso ng intensyong ihinto ang serbisyo sa isang lokasyong kitang-kita at kapansin-pansin sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang paghinto ng serbisyo.

2.2 Bukod pa rito, hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

- A. Magsusumite ang customer, o isang nangungupahan ng customer, ng sertipikasyon mula sa isang pangunahing provider ng pangangalaga na ang paghinto ng serbisyo ng tubig ay magiging banta sa buhay o magdudulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng lugar; AT
- B. Walang pinansyal na kakayahan ang customer na magbayad sa loob ng normal na yugto ng pagsingil. Maipapakita ito sa pamamagitan ng:

Lungsod ng Del Mar
Mga Administratibong Patakaran at

309	Paghinto ng Mga Residensyal na Serbisyo ng Tubig	PETSA KUNG KAILAN PINAGTIBAY:	ABRIL 6, 2020
		PETSA KUNG KAILAN BINAGO:	
		MGA PAHINA:	3 SA 6

1) Pagpapakita na ang isang tao sa sambahayan ay tagatanggap ng isa sa mga sumusunod na programa:

- CalWorks
- Pangkalahatang tulong ng CalFresh
- Medi-Cal
- Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program
- California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children

2) O pagdedeklara sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan; AT

C. Handa ang customer na pumasok sa isang kasunduan sa pagbabayad kaugnay ng mga delingkwenteng singil.

Para sa mga customer na nakakatugon sa lahat ng kundisyon sa itaas, mag-aalok ang Lungsod ng kasunduan sa pagbabayad sa customer.

Responsibilidad ng customer na ipakitang natugunan ang mga kundisyon sa itaas. Pagkatanggap ng dokumentasyon mula sa customer, susuriin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng 7 araw at: (1) hihilingin ang nilagdaang pagsang-ayon ng customer na lumahok sa kasunduan sa pagbabayad; (2) hihiling ng karagdagang impormasyon mula sa customer; o (3) aabisuhan ang customer na hindi niya natutugunan ang mga kundisyon sa itaas.

Maaaring ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang isang customer na nabigyan ng kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay hindi magagawa ang alinman sa mga sumusunod sa loob ng 60 araw o higit pa: (a) bayaran sa tamang oras ang anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng kasunduan sa pagbabayad o (b) bayaran sa tamang oras ang kanyang mga kasalukuyang singil para sa serbisyo ng tubig. Magpapaskil ang Lungsod ng panghuling abiso ng intensyong ihinto ang serbisyo sa isang lokasyong kitang-kita at kapansin-pansin sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang paghinto ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magbibigay ng karapatan sa customer sa anumang pagsisiyasat o pagsusuri ng Lungsod.

Lungsod ng Del Mar
Mga Administratibong Patakaran at

309	Paghinto ng Mga Residensyal na Serbisyo ng Tubig	PETSA KUNG KAILAN PINAGTIBAY:	ABRIL 6, 2020
		PETSA KUNG KAILAN BINAGO:	
		MGA PAHINA:	4 SA 6

- 2.4 Pag-dispute sa Bill sa Tubig – Ang sinumang customer na nagnanais na magsimula ng reklamo, o humiling ng pagsisiyasat kaugnay ng serbisyo o mga singil na makikita sa bill ay dapat itong gawin sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang bill. Para lang sa mga layunin ng seksyong ito, ituturing na natanggap ng customer ang isang bill 10 araw pagkatapos ng pagpapadala. Ang anumang naturang reklamo o kahilingan ay dapat nakasulat at ihain sa Departamento ng Pananalapi. Isasagawa ang pagsusuri ng Tagapamahala ng Lungsod at may kasamang pagsasaalang-alang kung maaaring makatanggap ang customer ng ekstensyon o iba pang kasunduan sa pagbabayad na kasiya-siya sa Lungsod. Maaaring suriin ng Lungsod, sa sarili nitong pagpapasya, ang mga hindi napapanahong reklamo o kahilingan para sa pagsisiyasat; gayunpaman, hindi maiaapela ang mga naturang reklamo o kahilingan. Habang sinusuri, hindi magkakaroon ng mga late fee o multa ang account hanggang sa matapos ang pagsusuri at iuulat ang pagpapasya sa customer sa pamamagitan ng pagsulat.
- 2.5 Apela sa Pagpapasya – Maaaring iapela ng sinumang customer na may napapanahong reklamo o kahilingan para sa pagsisiyasat alinsunod sa Seksyon 2.4 na nagresulta sa isang hindi magandang pagpapasya ng Tagapamahala ng Lungsod ang pagpapasya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na abiso ng apela sa Direktor ng Mga Serbisyong Pampangasiwaan/Clerk ng Lungsod sa loob ng 7 araw ng negosyo pagkatapos ng pagpapadala ng Lungsod ng pagpapasya nito. Pagkatanggap ng abiso ng apela, itatakda ng Direktor ng Mga Serbisyong Pampangasiwaan/Clerk ng Lungsod na dinggin ang usapin sa nalalapit na Pagpupulong ng Konseho at magpapadala siya sa customer ng nakasulat na abiso tungkol sa oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpupulong. Ang desisyon ng Konseho ay magiging pinal. Kung matutukoy ng Konseho na hindi makatwiran ang claim ng customer, dapat mabayaran ang buong halagang dapat bayaran sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo. Kung matutukoy ng Konseho na makatwiran ang reklamo ng customer, gagawin ang mga pagwawasto sa tanggapan ng Lungsod sa loob ng 5 araw ng negosyo. Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig habang nakabinbin ang isang apela.

Lungsod ng Del Mar
Mga Administratibong Patakarang at

309	Paghinto ng Mga Residensyal na Serbisyo ng Tubig	PETSA KUNG KAILAN PINAGTIBAY:	ABRIL 6, 2020
		PETSA KUNG KAILAN BINAGO:	
		MGA PAHINA:	5 SA 6

- 2.6 Sa isang sitwasyong may landlord at nangungupahan kung saan nagbigay ang Lungsod ng abiso ng intensyong ihinto ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, maaaring mag-apply ang mga naninirahan para sa serbisyo ng tubig alinsunod sa Seksyon 4 ng Patakarang ito.
3. Pagpapanumbalik ng Serbisyo ng Tubig
- 3.1 Maaaring maibalik ang serbisyo ng tubig, na may limampung dolyar (\$50) na bayad sa muling pagkonekta, sa mga regular na oras ng negosyo at ang mga aktwal na gastos sa paggawa at sasakyan (hindi lalampas sa \$150) para sa muling pagkonekta pagkatapos ng mga oras ng negosyo pagkatapos ng pagbabayad ay gagawin nang buo sa isa sa mga sumusunod na paraan:
- A. Isasagawa ang pagbabayad sa Tanggapan ng Lungsod.
- B. Isasagawa ang pagbabayad online at magbibigay ng numero ng kumpirmasyon, at beberipikahin ng Lungsod ang pagbabayad.
4. Mga Pamamaraan para Maging Mga Customer ng Lungsod ang Mga Naninirahan o Nangungupahan
- 4.1 Nalalapat lang ang Seksyong ito kapag ang may-ari ng ari-arian, landlord, tagapamahala, o operator ng isang residensyal na address ng serbisyo ay nakalista bilang customer na nakatala at nabigyan ng abiso ng intensyong ihinto ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.
- 4.2 Gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga aktwal na naninirahan kung sasang-ayon ang bawat naninirahan sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo, kabilang ang mga kinakailangan sa deposito. Gayunpaman, kung handa ang isa o higit pang naninirahan na akuin ang responsibilidad para sa mga kasunod na pagsingil sa account para mabayaran ang Lungsod, o kung may pisikal na paraan, na legal na magagamit ng Lungsod, ng piling paghinto ng serbisyo sa mga naninirahang hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng mga panuntunan at regulasyon ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga naninirahan lang na nakatugon sa mga kinakailangang iyon.
- 4.3 Upang maging kwalipikadong maging customer nang hindi binabayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, dapat beripikahin ng naninirahan na ang nakatalang customer ng delingkwenteng account ay ang landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Ang pagbeberipika ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, kontrata ng pag-upa, kasunduan sa pag-upa, mga resibo ng pag-upa, dokumento ng pamahalaan na nagsasaad na inuupahan ng naninirahan ang ari-arian, o impormasyong isiniwalat alinsunod sa seksyon 1962 ng Kodigo Sibil, sa pagpapasya ng Lungsod.

Lungsod ng Del Mar
Mga Administratibong Patakaran at

309	Paghinto ng Mga Residensyal na Serbisyo ng Tubig	PETSA KUNG KAILAN PINAGTIBAY:	ABRIL 6, 2020
		PETSA KUNG KAILAN BINAGO:	
		MGA PAHINA:	6 SA 6

5. Iba pang Probisyon

- 5.1 Bukod pa sa paghinto ng serbisyo ng tubig, maaaring ituloy ng Lungsod ang anupamang remedyong magagamit para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo ng tubig kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pag-secure ng mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng paghahain ng mga lien sa tunay na ari-arian, paghahain ng claim o legal na aksyon, o pag-refer sa hindi pa nabayaranang halaga sa mga naniningil, pati na ang mga naaangkop na bayarin.
- 5.2 Nakalaan sa Lungsod ang karapatang ihinto ang serbisyo ng tubig para sa anumang paglabag sa mga patakaran, panuntunan, o regulasyon ng Lungsod bukod pa sa hindi pagbabayad

IV. IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Para sa mga tanong ng customer o tulong sa customer kaugnay ng bill sa tubig, maaaring makaugnayan ang water utility division ng Lungsod sa (858) 755-9354, o sa finance@delmar.ca.us. Maaari ding personal na pumunta ang mga customer sa counter sa City Hall nang Lunes hanggang Huwebes mula 7:30 a.m. hanggang 5:30 p.m. at Biyernes mula 7:30 a.m. hanggang 4:30 p.m., maliban sa mga holiday ng Lungsod.